

CHAT &DECIDE
Buhay, Kamatayan, at Higit Pa:
Isang Islamikong Pananaw
chatanddecide.com




Hindi walang kabuluhan ang buhay. Ang lahat sa sansinukob ay kumikilos nang may tiyak na kaayusan—mula sa galaw ng mga bituin hanggang sa tibok ng puso. Sinabi ni Allah, ang Kataas-taasan:

**'Kaya nagpalagay ba kayo na lumikha lamang Kami sa inyo nang walang-kabuluhan, at na kayo tungo sa Amin ay hindi pababalikin [para tuusin]?' [Al-Mu'minūn (Ang Mga Sumasampalataya): 115].**

Itinuturo ng Islam na ang pag-iral ng tao ay hindi basta lumitaw mula sa wala, kundi may dakilang layunin: ang sumamba kay Allah at mamuhay nang may kapayapaan sa sarili at sa kapwa. Kapag ito'y iyong pinag-isipan, mauunawaan mong ang iyong buhay ay hindi lamang paglipas ng mga araw, kundi isang mensahe na may walang hanggang kahulugan.




Hinahanap ng mga tao ang kaligayahan sa kayamanan, kasikatan, at paglalakbay… ngunit nananatiling uhaw ang mga puso. Maliwanag ang sagot ng Qur'an:

**'na mga sumampalataya at napapanatag ang mga puso nila sa pag-aalaala kay Allāh. Pansinin, sa pag-aalaala kay Allāh napapanatag ang mga puso.' [ Ar-Ra'd(Ang Kidlat): 28].**

Ang tunay na kapanatagan ay hindi nagmumula sa panlabas na bagay, kundi sa pananampalataya. Inaanyayahan ka ng Islam na maranasan ang panloob na kapayapaan—isang kapayapaang nananatili kahit sa pinakamahirap na panahon, sapagkat ito'y nakaugnay kay Allah, na kailanman ay hindi nagbabago at hindi naglalaho.




Maaaring itanong mo: Bakit may sakit? Bakit may pagdurusa? Ang Qur'an ang sumasagot:

> ‘Talagang susubok nga Kami sa inyo sa pamamagitan ng isang anuman kabilang sa pangamba at gutom, at ng isang kabawasan mula sa mga ari-arian, mga buhay, at mga bunga. Magbalita ka ng nakagagalak sa mga nagtitiis.’ [Al-Baqarah (Ang Baka): 155].

Ang pagsubok ay hindi parusa, kundi isang paaralan na naglilinis ng kaluluwa at nagpapalakas ng pananampalataya. Sa Islam, bawat gawa ng pagtitiis ay may dakilang gantimpala:

> ‘Ang lupa ni Allāh ay malawak. Lulubus-lubusin lamang ang mga nagtitiis sa pabuya sa kanila nang walang pagtutuos.’ [Az-Zumar (Ang Mga Pangkat): 10].




Ang kamatayan ay hindi ang katapusan ng landas. Ito ay simula ng isang bagong paglalakbay. Sabi ni Allah, ang Kataas-taasan:

**‘Bawat kaluluwa ay lalasap ng kamatayan. Lulubus-lubusin lamang kayo sa mga pabuya sa inyo sa Araw ng Pagbangon.’ Āl-‘Imrān(Ang Pamilya ni Imran):185].**

Sa Islam, ang mundong ito ay pansamantalang himpilan, at ang Kabilang Buhay ang tunay at huling tirahan. Ang mabubuting gawa ang iyong baon para sa Araw na iyon. Kaya, naihanda mo na ba ang iyong dala para sa walang hanggang paglalakbay?




Ang buhay na walang pananampalataya ay tulad ng isang paglalakbay na walang patutunguhan. Sabi ng Qur'an:

**'at ang sinumang umayaw sa pag-aalaala sa Akin, tunay na ukol sa kanya ay isang pamumuhay na hikahos. Kakalap Kami sa kanya sa Araw ng Pagbangon na isang bulag.' [Tā-ha (Ang Titik Ta At Ha): 124].**

Ngunit para sa isang nakakakilala kay Allah, bawat sandali ng buhay ay may halaga at pag-asa:

'Ang sinumang gumawa ng isang maayos, na isang lalaki o isang babae, habang siya ay isang mananampalataya ay talagang magpapamuhay nga Kami sa kanya nang isang buhay na kaaya-aya at talagang gaganti nga Kami sa kanila ng pabuya sa kanila ayon sa higit na maganda sa anumang dati nilang ginagawa [na maayos na gawa].' [An-Nahl (Ang Bubuyog) 16:97, ].




Maaaring malampasan mo ang krisis sa pananalapi o kalusugan, ngunit ang pinakadakilang kaligtasan ay mula sa parusa sa Kabilang Buhay. Sabi ni Allah:

**‘Kaya ang sinumang hinango palayo sa Apoy at pinapasok sa Paraiso ay nagtamo nga siya.’ [Āl-‘Imrān (Ang Pamilya ni Imran):185].**

Ipinapakita ng Islam sa iyo ang tunay na layunin: ang makamtan ang kaluguran ni Allah at ang Paraiso—hindi lamang ang masiyahan sa panandaliang tagumpay sa mundo.




Kapag tumitindi ang kadiliman ng buhay, ang Qur'an ay nagiging ilawan na nagbibigay liwanag sa landas. Sabi ni Allah, ang Kataas-taasan:

**'May dumating nga sa inyo mula kay Allāh na isang liwanag at isang Aklat na naglilinaw,' [Al-Mā'idah (Ang Mantel Na May Pagkain): 15].**

Sa Islam, ang kapahayagan ay hindi patay na mga salita, kundi buhay na patnubay na nagliliwanag sa mga puso at nagbibigay sa kanila ng pag-asa.




Maaaring patawarin ka o hindi ng mga tao, ngunit ipinangako ni Allah na patatawarin Niya ang lahat ng taos-pusong nagsisisi:

**'Sabihin mo: O mga lingkod Ko na nagpakalabis laban sa mga sarili nila, huwag kayong masiraan ng loob sa awa ni Allāh; tunay na si Allāh ay nagpapatawad sa mga pagkakasala nang lahatan. Tunay na Siya ay ang Mapagpatawad, ang Maawain.' [Az-Zumar (Ang Mga Pangkat): 53].**

Tinatawag ka ng Islam na huwag mawalan ng pag-asa, sapagkat ang pintuan ng kapatawaran ay nananatiling bukas hanggang sa pinakahuling sandali.




Marami ang nag-iisip na ang kalayaan ay ang pagsunod sa pita ng laman nang walang pagpipigil, ngunit ito ay nauuwi lamang sa pagkaalipin sa sarili. Ang kalayaan sa Islam ay ang paglaya mula sa lahat ng uri ng pagkaalipin maliban sa pagsamba kay Allah lamang:

**‘at na sumamba kayo sa Akin? Ito ay isang landasing tuwid.’ [Yā-Sīn(Mga Titik Ya At Sa) 36:61].**

Ang tunay na kalayaan ay ang mamuhay sa liwanag ng katotohanan, hindi sa kadiliman ng pita.




Maaaring hindi ka laging bigyan ng katarungan ng mundo, ngunit ang Kabilang Buhay ang magiging larangan ng ganap na katarungan:

**‘Maglalagay Kami ng mga timbangang pangmakatarungan para sa Araw ng Pagbangon, kaya hindi lalabagin sa katarungan ang isang kaluluwa sa anuman.’ [ Al-Anbiyā’ (Ang Mga Propeta): 47].**

Ang tunay na kalayaan ay ang mamuhay sa liwanag ng katotohanan, hindi sa kadiliman ng pita.